HEKASI 6

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



# MAMAMAYAN: PAANO MAGING PRODUKTIBO


Department of Education
BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION
2nd Floor Bonifacio Building
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

# GRADE VI

# MAMAMAYAN:
# PAANO MAGING PRODUKTIBO

## ALAMIN MO

Suriin ang larawan



Ano ang ipinahihiwatig ng mga larawang ito? May halaga kaya ito? Makakatulong ba ito sa iyo upang mapaunlad ang iyong sarili at bansa? Magiging produktibo ka kaya?

Sa modyul na ito malalaman mo kung paano maging produktibo ang isang tao. Sa paanong paraan siya magiging kapaki-pakinabang?


Ang bawat bansa ay may mga layuning sinisikap nitong makamtan upang mapabuti ang pamumuhay ng mga naninirahan dito. Bilang kasapi ng pamayanan at lipunan, ang bawat isa ay may tungkuling tumulong upang makamit ang layuning ito. Ang kaunlaran at pagpapabuti ng bansa ay dapat pananagutan ng lahat.


Kailangan ng pagtutulungan upang ang pamayanan ay manatiling matiwasay at ligtas na lugar para sa mga mamamayan. Dapat pangalagaan ang kalusugan at kapakanan ng lahat. Kailangan nating magsumikap upang mapaunlad ang ating sarili at ang ating bansa.

Ang pagtulong sa pag-unlad at pagsulong ay nakakatulong upang malinang ang pagiging produktibo ang isang tao.

## PAGBALIK-ARALAN MO


Anong ugali ang ipinapakita ng mga sumusunod? Isulat ang inyong sagot sa patlang.










COMPUTER TRAINING



## PAG-ARALAN MO

Basahin at unawain ang kuwento

Nasa harap ng malaking salamin si Jun. May gagawin siya sa palatuntunan kaya siya nagsasanay. Iikot, aarte, magsasalita.

"Maraming Juan Tamad na naghihintay lamang hindi malaman kung ano ang hinihintay. Awa ba ng diyos? Aba, "Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa" at ako'y naniniwala sa kasabihan ng matatanda kaya hindi ako tutulad kay Juan."

"May sarili akong pag-iisip. Ako'y nag-aaral. Ibig kong matuto sa paggawa ng maraming bagay. Ibig kong maging kapaki-pakinabang o' produktibo. Ibig kong maghanapbuhay. Kaawa-awa naman ang aking magulang kung wala akong alam sa paggawa."


"Ako ay may mga paningin. Nakikita ko ang iba't ibang uri ng pagkakakitaan. May isip at mga kamay ako at maaari akong tumulong sa pagpapaunlad ng bansa.

"Tatayo ako sa sarili kong paa at hindi ako hihingi ng tulong sa iba kung kinakailangan. Ibig kong patunayan na may tiwala ako sa aking kakayahan."

"Ibig kong maglingkod. Ang paggawa ay paglilingkod. Maglilingkod ako sa aking kapuwa habang ako'y kumikita."

"Naniniwala ako sa kasabihang," "Kaya mo yan bata. Gawin mo." Talagang mahalaga ang may alam. Iba na ang taong produktibo. May tiwala sa sarili, katapatan, pakikipagtulungan, pakikiisa at pagkamalikhain.

1. Ano ang pinaniniwalaan ng batang is Jun?
2. Paano siya makapglilingkod sa kanyang kapuwa?
3. Mahalaga ba ang taong may alam? Bakit?
4. Bakit hindi siya tutulad kay Juan Tamad?
5. Ano ang ibig niyang patunayan sa kanyang sarili?



## PAGSANAYAN MO

Ipaliwanag kung paano ka makatutulong sa pag-unlad at pagsulong ng bansa.

1. Ano ang ibig sabihin ng pagiging produktibo?
   a. kapaki-pakinabang
   b. may pagkakataon sa lahat
   c walang silbi

2. Kailan dapat ikintal sa isipan ang moral?
   a. habang bata pa
   b. pag matanda na
   c. habang nagdadalaga o' nagbibinata

3. Ang batang may moral sa paggawa ay isang batang ___________.
   a. tamad
   b. produktibo
   c. walang pakinabang

## TANDAAN MO

Nakatutulong sa pag-unlad at pagsulong ng bansa ang pagtitiwala sa sariling kakayahan. Dapat maging produktibo o' kapaki-pakinabang para makatulong sa pagpapaunlad ng bansa.

## ISAPUSO MO

Sadyang taglay ng mga Pilipino ang magagandang asal sa paggawa. Siya ay maaaring magsilbing huwaran sa kilos, asal, gawi at ugali habang gumagawa.



## PAGTATAYA

Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang taong produktibo ay nakakatulong sa ___________ ng bansa.
   a. kahinaan
   b. pag-unlad ng bansa
   c. kasikatan at katanyagan
   d. kagandahan

2. Kapag may __________ ang isang tao, sinisikap niyang isagawa ang anumang gawain sa abot ng kanyang makakaya.
   a. tiwala sa sarili
   b. tiyaga
   c. sigasig
   d. paniniwala

3. Alin sa mga sumusunod ang naglalarawan sa taong produktibo?
   a. may sipag at tiyaga
   b. walang pag-asang umunlad
   c. may tiwala sa kanyang sariling kakayahan at gustong umasenso
   d. malikhain

4. Bakit isinaalang-alang din ang wastong pangangalaga sa sarili sa pagpapaunlad ng bansa?
   a. para magkaroon ng sapat na lakas sa paggawa
   b. para maging malusog
   c. para maging kaaya-ayang tingnan ang katawan
   d. para hindi maging sakitin




5. Ang batang may tiwala sa kanyang sariling kakayahan ay hindi _____________ sa tulong ng iba.
   a. isasagawa
   b. nakikisakay
   c. nakikiamot
   d. umaasa

## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Bilang isang mag-aaral, paano mo maipapakita na ikaw ay isang produktibong mag-aaral?

Ipaliwanag ito.



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.

SUSI NG PAGWAWASTO

1. b
2.
3. c
4. a
5. d

